## Makipag-alam sa Tanggapan para sa mga Batang May Murang Kaisipan mula sa inyong lokal na Lupon ng Edukasyon.

| | |
|---|---|
| **Allegany County** | 301-759-2012 |
| **Anne Arundel County** | 410-222-5441 |
| **Baltimore City** | 410-396-6602 |
| **Baltimore County** | 410-887-4313 |
| **Calvert County** | 410-535-7264 |
| **Caroline County** | 410-479-2896 |
| **Carroll County** | 410-751-3048 |
| **Cecil County** | 410-996-5424 |
| **Charles County** | 301-934-7380 |
| **Dorchester County** | 410-221-1111 |
| **Frederick County** | 301-696-6864 |
| **Garrett County** | 301-334-7645 |
| **Harford County** | 410-588-5252 |
| **Howard County** | 301-313-5659 |
| **Kent County** | 410-810-3903 |
| **Montgomery County** | 301-230-0691 |
| **Prince George's County** | 301-808-2723 |
| **Queen Anne's County** | 410-758-2403 |
| **St. Mary's County** | 301-475-5511 |
| **Somerset County** | 410-621-6243 |
| **Talbot County** | 410-822-0330 |
| **Washington County** | 301-766-2955 |
| **Wicomico County** | 410-677-4523 |
| **Worcester County** | 410-632-5042 |

**Nancy S. Grasmick**
*Superentende ng mga Paaralan sa Estado*

**Dunbar Brooks**
*Pangulo*
*Lupon ng Edukasyon sa Estado ng Maryland*

**Martin O'Malley**
*Gobernador*

MARYLAND STATE DEPARTMENT OF EDUCATION
Achievement Matters Most

Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa:

Maryland State Department of Education
Division of Early Childhood Development
200 W. Baltimore Street, 10th floor
Baltimore, Maryland 21201
MarylandPublicSchools.org

Telepono: 410-767-0602
Fax: 410-333-6226
Email: mcockey@msde.state.md.us

# Pampublikong Prekindergarten sa Maryland

## Isang Patnubay para sa Magulang



## Ano ang Pampublikong Prekindergarten?

Ang Prekindergarten sa mga pampublikong paaralan ay isang programang pinopondohan ng estado para sa mga batang apat na taong gulang. Ang pangunahing layunin ng prekindergarten sa mga pampublikong paaralan ay upang mabigyan ng karanasang matuto at tulungan ang mga bata na hubugin ang kanilang kahusayan sa maraming bagay-bay upang sila ay maging lalong matagumpay sa paaralan. Ang mataas na kalidad na dulot sa karanasan ng pagpasok ng maaga ay nakakatulong sa mga bata na maging handa sa kanilang pagpasok sa kindergarten. Ang mga karanasang ito ay nakatuon sa personal at sosyal na pag-unlad, pananalita at karunungang bumasa at sumulat, sayantipikong pag-iisip, matimatikong pag-iisip, araling sosyal, sining, pisikal na pag-unlad at edukasyong pangkalusugan.



## Paano ang Palakad sa mga Pampublikong Programa sa Prekindergarten?

Ang sistema sa mga pampublikong paaralan ay kailangang bumuo ng mga alituntunin para sa programa sa prekindergarten na sumusunod sa regulasyon ng estado. Ang isang programang prekindergarten ay kadalasang kalahating araw sa umaga o kalahating araw sa hapon. Ang pasok ay tumatagal ng 2 ½ oras sa loob ng limang araw bawat linggo sa kahabaan ng taong pasukan. Ang bawat klase ay mayroon humigit kumulang sa 20 na mga bata. Isang bihasang guro na sertipikado ng estadong magturo sa mga maliliit na bata at isang pangmatagalang katulong ang itatalaga sa bawat klase. Kailangang matugunan ng mga programang prekindergarten ang mga patakaran ng estado sa kurikulum. Ang mga magulang at mga guro ay madalas na makikipanayam tungkol sa progreso sa pag-aaral ng bawat bata. Ang mga pamamaraan ng mga paaralan ang hinihimuk na bumuo ng samahan sa mga pangkumunidad na nag-aalaga ng mga bata. Sa karagdagang impormasyon tungkol sa programa ng prekindergarten sa inyong kumunidad, tumawag saTanggapan para sa mga Batang may Murang Kaisipan sa inyong mga lokal na pampublikong paaralan (tignan ang likod nitong polyeto). inyong mga lokal na pampublikong paaralan (tignan ang likod nitong polyeto).



## Sino ang Maaaring Pumasok sa Prekindergarten?

Upang makapasok bilang mag-aaral sa pampublikong paaralan ng prekindergarten, ang bata ay kailangang nasa 4 na taong gulang bago o sa pagsapit ng Setyembre 1 ng taong pasukan, kapag gusto ng kanilang pamilyang magsimula na sila. Kailangan din na sila ay galing sa mga pamilyang naghihirap o walang tirahan. Ang lahat ng mga batang walang panustos at nag-aplay ay kailangang magpatala muna. Gayunman, kung mayroong matitirang bakante, ang sistema ng pampublikong paaralan ay maaaring magtala rin ng mga bata na hindi naman naghihirap subalit sila ay handa nang pumasok sa paaralan.

